# PAANO GAMITIN

## BAGO GAMITIN ANG KIT NA ITO:

- Basahin muna ang instructions na ito o panoorin ang step-by-step video: screeningbc.ca/cervix

## HUWAG GAMITIN ANG KIT NA ITO:

- Kapag ikaw ay may regla. Hintayin hanggang matapos ang iyong regla.
- Kung ikaw ay buntis o gumagamit ng pessary. Kausapin ang isang health care provider tungkol sa iyong mga opsyon sa screening.
- Kung tinanggal na ang iyong cervix (bungad ng matris) (hal., total hysterectomy). Kausapin ang isang health care provider para malaman kung nirerequire pa rin ang cervix screening.


**1**

Hugasan ang iyong mga kamay. Tanggalin ang iyong kasuotan mula sa ibaba ng iyong baywang.




**2**

**Ihanda ang swab:** Hawakan ang pulang takip para ilabas ang swab mula sa tube. Ilagay ang tube sa isang malinis na ibabaw. **Huwag hipuin ang malambot na dulo ng swab.**




**3**

Hawakan ang swab sa pulang linya.




**4**

**Kolektahin ang iyong sample:** Tumayo (A) o umupo (B) nang nakabuka ang iyong mga binti. Gamit ang iyong kabilang kamay, hawakan ang manipis na balat at ibuka ito.





**5**

Dahan-dahang ipasok ang swab sa iyong ari-arian, sa parehong lugar kung saan mo ipinapasok ang iyong tampon, hanggang nahipo ng iyong mga daliri ang iyong panlabas na ari (vulva). Paikutin ang swab habang **dahan-dahan kang nagbibilang hanggang 20**. Ilabas ang swab.




**6**

I-slide ang swab nang papasok sa plastic tube at isara ito nang husto.



## KUNG KINOKOMPLETO ANG KIT SA CLINIC:

**7**

I-double check na inilagay nga health care provider ang collection date label sa iyong tube. Ilagay ang tube sa plastic bag. I-seal ang bag.

**8**

Ibalik sa health care provider ang naka-seal na bag na naglalaman ng iyong collection device.

**9**


Kukumpletohin ng health care provider ang iyong lab requisition at ibibigay niya sa lab ang iyong sample para sa iyo.

O KAYA

## KUNG KINOKOMPLETO ANG KIT SA BAHAY:


**7**

**MALINAW** na isulat ang iyong collection date sa tube label **AT** sa lab requisition. Ilagay ang tube sa plastic bag. I-seal ang bag.




**8**

Ilagay ang naka-seal na bag at ang iyong lab requisition sa prepaid return envelope.



**9**

Dalhin ang envelope ngayong araw sa isang Canada Post office o sa mailbox.



Hindi dapat masakit ang test. Kung nakakaramdam ka ng anumang pananakit habang kinokolekta ang iyong sample, mangyaring humingi ng tulong sa isang health care professional.

# Mga Madalas na Katanungan

### Tama ba ang magiging pagkolekta ko ng aking sample? Masakit ba ito?

Madaling gawin ang cervix self-screening at hindi dapat ito masakit. Maliit na sample lamang mula sa iyong ari-arian ang kinakailangan. Kapag sinunod mo ang instructions na ito, madali at ligtas mong makokolekta ang iyong sariling sample.

Kung nakakaramdam ka ng anumang pananakit habang kinokolekta ang iyong sample, mangyaring humingi ng tulong sa isang health care professional.

### Paano kung nahihirapan akong kolektahin ang aking sariling sample?

Maaari mong hilingin ang isang health care provider na ipakita sa iyo kung paano kumuha ng sample, o maaari mo siyang hilinging kunin ang sample para sa iyo.

### Paano kung nabitawan ko ang swab?

Kung nabitawan mo ang swab at nahulog ito, huwag mag-alala. Ipadala pa rin ito sa lab. Kung nadikit ang swab sa isang basang surface, may chance na maaaring maging invalid ang resulta. Maaaring matanggal ng mga basang surface ang ilang bahagi ng sample kaya maaaring kailangan mong mangolekta ng panibagong sample. Tandaan na kung hindi sinabi sa iyo na kailangan mong mangolekta ng panibagong sample, ibig sabihin ay walang problema sa iyong sample at sa kung paano mo ito kinolekta.

### Gaano katagal aabutin bago ko makuha ang aking mga resulta, at paano ko ba makukuha ang aking mga resulta?

Ang iyong mga resulta ay ipapadala sa iyo at sa isang health care provider 4 hanggang 6 na linggo pagkatapos mo ipadala sa mail ang iyong sample. Ang iyong lab results ay magiging available din sa **HealthGateway** sa healthgateway.gov.bc.ca.

### Paano kung may nakitang high-risk HPV type?

Kapag nalaman mo na ikaw ay may high-risk HPV, hindi ito nangangahulugan na ikaw ay may kanser, o na magdidebelop ka ng kanser. Sa tulong ng iyong mga resulta, malalaman kung ano ang susunod na gagawin. Depende sa iyong mga resulta, maaaring mangailangan ka ng Pap test o colposcopy.

### Magte-test ba ang kit na ito para sa iba pa, maliban sa HPV?

Ang kit na ito ay nagte-test lamang para sa mga high-risk type ng HPV. Kung gusto mong magpa-test para sa ibang sexually transmitted Infections (mga STI), mangyaring kausapin ang isang health care provider.

### Nawala/nasira ko ang aking kit; puede ba akong humingi ng bagong kit?

Kung nawala o nasira mo ang iyong kit, mangyaring tumawag dito sa BC Cancer Cervix Screening para humingi ng bagong kit: 1-877-702-6566.

### Dapat ko bang i-store ang aking sample sa isang takdang temperatura?

Hindi, ok lang na iwanan ang iyong sample sa room temperature.

### Ano ang mangyayari kung hindi ko maibabalik ang aking kit sa parehong araw kung kailan ko ito kinolekta?

Kung hindi mo maibabalik ang iyong kit sa parehong araw, mangyaring siguraduhin na i-drop off ang iyong - sample sa isang Canada Post office o mailbox nang hindi lalampas ng 7 araw pagkatapos ng petsa kung kailan mo kinolekta ang iyong sample.

### Mayroon ka bang mga nararanasang sintomas ng cervical cancer (kanser sa bungad ng matris)?

Kung ikaw ay nagdurugo pagkatapos makipag-sex, sa pagitan ng iyong mga regla, o pagkatapos ng menopause, kung mas marami ang lumalabas sa iyong ari-arian, May pelvic pain o kirot habang nakikipag-sex, kausapin ang isang health care provider. Mahalagang tingnan ang mga sintomas na ito para protektahan ang kalusugan ng iyong cervix (matris), kahit na normal ang mga resulta ng iyong screening.

---

Kontakin ang BC Cancer Cervix Screening kung mayroon kang mga tanong.

1-877-702-6566

www.screeningbc.ca/cervix

BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Maliban kung awtorisado ng BC Cancer, ang anumang reproduksyon, pagbago, o pamamahagi ng instructions na ito, nang buo o bahagi, ay lubos na pinagbabawalan. Version: February 2024